*International Conference on Recent Innovations in Education, Computer Science, Engineering, and Technology (ICRIECSET)*
*25 -26, April 2026, Grand Hyatt Taipei Hotel, Taipei, Taiwan*

# Antas ng Pag-Unawa sa Pagbasa sa mga Akdang Pampanitikan ng mga Baytang 12 ng HUMSS sa Philippine Christian University tungo sa Pagbuo ng Planong Pampagkatuto

**Aiza Serrano Oreta**
aizaatero@gmail.com
htpps://orcid.org/ 0009-0007-0529-1512
Philippine Christian University, Manila, Philippines

Paranaque City College, Manila, Philippines

## Abstract

Ang pag-aaral na ito ay nagsuri sa antas ng pag-unawa sa pagbasa ng mga mag-aaral ng Baitang 12 sa strand na Humanities and Social Sciences (HUMSS) sa Philippine Christian University bilang batayan sa pagbuo ng planong pampagkatuto. Gumamit ang pananaliksik ng deskriptibo-korelasyonal na disenyo upang masukat ang antas ng pag-unawa sa pagbasa at matukoy ang ugnayan nito sa mga salik na nakaaapekto sa pagkatuto. Ang datos ay nakalap mula sa 82 respondente gamit ang isang balidado at maaasahang questionnaire. Ginamit ang weighted mean, standard deviation, at Pearson Product-Moment Correlation sa pagsusuri ng datos. Ipinakita ng resulta na ang kabuuang antas ng pag-unawa sa pagbasa ay mataas ($M = 4.18$, $SD = 0.69$), kung saan pinakamataas ang literal na pag-unawa habang bahagyang mas mababa ang interpretatibo at kritikal na dimensyon. Natuklasan din na ang ugnayan sa pagitan ng pag-unawa sa pagbasa at mga salik na nakaaapekto rito ay mahina at hindi makabuluhan ($r = -0.189$, $p > 0.05$), na nagpapahiwatig na maaaring may iba pang salik na nakaaapekto sa kasanayan sa pagbasa ng mga mag-aaral. Batay sa mga natuklasan, inirerekomenda ang pagbuo ng isang planong pampagkatuto na nakatuon sa pagpapalalim ng kritikal at interpretatibong pag-unawa sa pamamagitan ng interaktibo at estratehikong pamamaraan sa pagtuturo.
(This study assessed the reading comprehension level of Grade 12 students in the Humanities and Social Sciences (HUMSS) strand at Philippine Christian University to serve as a basis for developing a learning plan. The research employed a descriptive-correlational design to measure reading comprehension levels and determine their relationship with factors affecting learning. Data were gathered from 82 respondents using a validated and reliable questionnaire. Statistical analyses included the weighted mean, standard deviation, and Pearson Product-Moment Correlation. Results showed a high overall level of reading comprehension ($M = 4.18$, $SD = 0.69$), with literal comprehension being the highest, while the interpretive and critical dimensions were slightly lower. It was also found that the relationship between reading comprehension and the factors affecting it was weak and not statistically significant ($r = -0.189$, $p > 0.05$), suggesting that other factors may influence the students' reading proficiency. Based on these findings, the study recommends developing a learning plan focused on deepening critical and interpretive comprehension through interactive and strategic teaching methods)

*Mga Susing Salita***:** *Edukasyon sa Filipino; pag-unawa sa pagbasa at akdang pampanitikan; deskriptibo-korelasyonal na pananaliksik; Pilipinas (Keywords: Filipino education; reading comprehension and literary works; descriptive-correlational research; Philippines)*